# ABISO SA PAMPUBLIKONG PAGDINIG: MGA PANUKALANG PAGBABAGO SA MGA RATE NG NAIINOM NA TUBIG

Sa Hunyo 4, 2019 nang 1:30 p.m., nakaiskedyul ang Konseho ng Lungsod ng San José na magsagawa ng pampublikong pagdinig sa mga panukalang pagbabago sa mga rate at singil ng Munisipal na Sistema ng Patubig ng San José para sa naiinom na tubig. Gaganapin ang pagdinig sa Tanggapan ng Konseho ng Lungsod, sa 200 East Santa Clara Street, San José, California 95113. Ang mga rate at singil na ito ay ibinabayad ng mga residensyal, komersyal, pang-institusyon, at pang-industriya na kustomer sa Lungsod.

Sa pagdinig, magpapanukala ang Departamento ng Mga Serbisyong Pangkapaligiran ng mga rate ng naiinom na tubig, singil sa metro ng tubig, singil sa zone, at singil sa pribadong linya ng tubig para sa sunog para sa fiscal year na 2019-20 (Hulyo 1, 2019 hanggang Hunyo 30, 2020). Makikita ang iskedyul ng mga pinakamataas na panukalang rate at singil sa mga sumusunod na pahina, kasama ng sample na pagkalkula ng bill at mga average na buwanang bill batay sa mga pinakamataas na panukalang rate at singil.

## Dahilan ng Panukalang Pagbabago

Bumibili, nagpoproseso, at naghahatid ang Munisipal na Sistema ng Patubig ng San José ng average na 15 milyong galon ng naiinom na tubig kada araw para sa mga tahanan at negosyo sa mga lugar ng serbisyo na Alviso, North San José, Evergreen, Edenvale, at Coyote Valley. Kabilang sa sistema ang mga linya ng tubig, pump station, fire hydrant, imbakan ng tubig, balon, at metro ng tubig, pati na rin ang mga pasilidad at proseso na kinakailangan upang makasunod sa lahat ng pang-estado at pederal na pamantayan sa naiinom na tubig. Itinatakda sa partikular na antas ang mga rate at singil sa tubig upang makaipon ng sapat na kita upang matugunan ang mga gastusin sa pagpapatakbo at pagpapanatili ng sistemang ito.

May dalawang kategorya ang Lungsod sa pagtatakda ng mga rate at singil, upang matugunan ang mga hindi nagbabagong gastusin (mga singil sa metro) at ang mga nagbabagong gastusin (mga rate ng dami). Patuloy na sisingilin ng hindi nagbabagong singil sa serbisyo ang mga kustomer batay sa laki ng metro ng tubig (Talahanayan 1), at singil sa dami kada unit ng nagagamit na tubig (Talahanayan 2). Kinakatawan ng mga panukalang rate ng dami ang gastusin sa pag-supply ng tubig sa mga kustomer sa bawat lugar ng serbisyo at sa mga elevation zone sa lugar ng serbisyo na Evergreen/Edenvale. Magbabayad ng mga hindi nagbabagong singil sa serbisyo ang mga kustomer na may nakalaang serbisyong pantugon sa sunog, ayon sa ipinapakita sa Talahanayan 3.

Kinakatawan ng mga panukalang rate at singil ang mga kasalukuyang gastusin sa paghahatid ng serbisyong patubig sa mga partikular na uri ng kustomer at lugar ng serbisyo. Kabilang sa mga panukalang rate ng dami ang iisang rate ng dami para sa bawat lugar/zone ng serbisyo (walang naka-tier na rate para sa mga residensyal na lugar). Kinakatawan ng mga rate ng dami ang pinagkaiba ng mga gastusin sa wholesale na patubig na ibinibigay sa bawat lugar ng serbisyo. Kinakatawan ng mga panukalang singil sa metro ang mga kasalukuyang gastusin sa paghahatid ng serbisyo sa bawat uri ng metro. Makakakita ng karagdagang impormasyon kung paano makatipid ng tubig online sa www.sjenvironment.org/waterefficiency o sa pamamagitan ng pagtawag sa (408) 277-3671.

## Takdang Petsa ng Pagsusumite ng Mga Nakasulat na Protesta: Hunyo 4, 2019

Kung gusto mong maghain ng protesta laban sa mga pagbabago sa rate at singil sa tubig, dapat mong sundin ang mga panuntunang ito upang maisama ang iyong protesta sa opisyal na talang ibibigay sa Konseho ng Lungsod:

- Nakasulat dapat ang mga protesta at dapat itong matanggap ng Lungsod bago isara ang pampublikong pagdinig sa Hunyo 4, 2019.
- ***Dapat mong ilagay ang iyong pangalan at ang address ng serbisyo*** ng (mga) pagmamay-ari o nire-rentahan mong ari-ariang maaapektuhan ng panukalang pagbabago ng rate.

- Magsumite ng mga ***nakasulat*** na protesta sa Tanggapan ng Klerk ng Lungsod sa pamamagitan ng liham, fax, o e-mail, ayon sa ipinapakita sa ibaba, bago magsimula ang pampublikong pagdinig (dapat ibigay nang personal sa Klerk ng Lungsod ang mga protestang ihahain sa araw ng pagpupulong):

| **Koreo** (o personal na paghahatid) | **Fax** | **E-mail** |
|---|---|---|
| San José Municipal Water System Rate Changes<br>City of San José – Office of the City Clerk<br>200 E. Santa Clara St.<br>San José, CA 95113-1905 | (408) 292-6207<br>San José Municipal Water System Rate Changes | WaterRateProtest@sanjoseca.gov |

## Talahanayan 1: Buwanang Singil sa Metro para sa Lahat ng Kustomer

| **BUWANANG SINGIL SA METRO** *(batay sa laki ng metro)* | | |
|---|---|---|
| **Laki ng Metro** | **2018-19 Mga Kasalukuyang Singil** | **2019-20 Mga Panukalang Singil** |
| 5/8-inch | $27.77 | $28.60 |
| 3/4-inch | $27.77 | $28.60 |
| 1-inch | $49.10 | $50.57 |
| 1.5-inch | $84.64 | $87.17 |
| 2-inch | $127.30 | $131.11 |
| 3-inch | $262.36 | $270.23 |
| 4-inch | $461.42 | $475.26 |
| 6-inch | $1,008.80 | $1,039.06 |
| 8-inch | $1,719.68 | $1,771.27 |
| 10-inch | $2,714.93 | $2,796.38 |

## Talahanayan 2: Singil sa Dami

| **SINGIL SA DAMI** *(kada HCF*)* | | |
|---|---|---|
| **Lugar/Zone ng Serbisyo** | **2018-19 Mga Kasalukuyang Singil** | **2019-20 Mga Panukalang Singil** |
| Evergreen/Edenvale – Zone 1 | $4.00 | $4.31 |
| Evergreen/Edenvale – Zone 2 | $4.07 | $4.39 |
| Evergreen/Edenvale – Zone 3/4 | $4.37 | $4.70 |
| Evergreen/Edenvale – Zone 5/6 | $4.75 | $5.09 |
| North San José/Alviso | $4.98 | $5.13 |
| Coyote | $2.04 | $2.10 |

## Talahanayan 3: Kada Dalawang Buwang Singil sa Pribadong Linya ng Tubig para sa Sunog

| **KADA DALAWANG BUWANG SINGIL SA PRIBADONG LINYA NG TUBIG PARA SA SUNOG** (*batay sa laki ng serbisyo)* | | |
|---|---|---|
| **Laki ng Serbisyo** | **2018-19 Mga Kasalukuyang Singil** | **2019-20 Mga Panukalang Singil** |
| 2-inch | $18.62 | $19.18 |
| 3-inch | $27.91 | $28.76 |
| 4-inch | $37.23 | $38.34 |
| 6-inch | $55.83 | $57.50 |
| 8-inch | $74.44 | $76.68 |
| 10-inch | $93.06 | $95.86 |

*HCF = hundred cubic feet (isang daang cubic foot); 1 HCF = 748 galon

## Mga Pagbabago sa Pagsingil

Ipinapakita sa Talahanayan 1 at 2 ang mga panukalang rate ng naiinom na tubig. Nakasaad sa itaas ng liham na nakalakip sa abisong ito ang zone na tumutukoy kung aling mga singil ang nalalapat sa iyong address ng serbisyo. Kung ipapatupad ng Konseho ng Lungsod ang mga rate na ito ayon sa ipinapanukala, makakalkula ang pagbabago sa iyong bill gamit ang mga panukalang rate gaya ng ipinapakita sa mga halimbawa sa ibaba:

**Mga Sample na Pagkalkula ng Bill ng Tubig bilang Paghahambing ng Mga Kasalukuyan at Panukalang Rate**

Halaga ng Bill ng Tubig (nang hindi kasama ang buwis sa utility) = Singil sa Metro + (Dami x Rate kada HCF)

***Halimbawa para sa Residensyal na Patubig sa Evergreen Zone 5/6:***

Buwanang Paggamit: 13 HCF
Laki ng Metro: 3/4-inch

**Kasalukuyang Rate:** $27.77 + (13 HCF x $4.75) = $89.52
**Panukalang Rate:** $28.60 + (13 HCF x $5.09) = $94.77

***Halimbawa para sa Hindi Residensyal na Patubig sa North San José:***

Buwanang Paggamit: 100 HCF
Laki ng Metro: 2-inch

**Kasalukuyang Rate:** $127.30 + (100 HCF x $4.98) = $625.30
**Panukalang Rate:** $131.11 + (100 HCF x $5.13) = $644.11

Nakadepende sa iyong lugar ng serbisyo, laki ng metro, at dami ng nagamit na tubig ang mga aktwal na pagbabago sa iyong bill. Ipinapakita ang mga pagkalkula ng average na pagbabago sa bill para sa mga residensyal na kustomer sa Talahanayan 4, at para sa mga pang-industriyang customer sa Talahanayan 5. Kasama sa lahat ng halimbawang halaga ng bill ang Singil sa Metro at Singil sa Dami. Ang average na buwanang bill sa residensyal na patubig ay batay sa 3/4-inch na metro at paggamit na 13 HCF. Ang average na buwanang bill sa pang-industriyang patubig ay batay sa 6-inch na metro at paggamit na 600 HCF.

### Talahanayan 4: Average na Buwanang Bill sa Residensyal na Patubig

| AVERAGE NA BUWANANG BILL SA RESIDENSYAL NA PATUBIG | | |
|---|---|---|
| | **2018-19 Mga Singil** | **2019-20 Mga Singil** |
| Evergreen/Edenvale – Zone 1 | $79.77 | $84.63 |
| Evergreen/Edenvale – Zone 2 | $80.68 | $85.67 |
| Evergreen/Edenvale – Zone 3/4 | $84.58 | $89.70 |
| Evergreen/Edenvale – Zone 5/6 | $89.52 | $94.77 |
| North San José/Alviso | $92.53 | $95.29 |

### Talahanayan 5: Average na Buwanang Bill sa Pang-industriyang Patubig

| AVERAGE NA BUWANANG BILL SA PANG-INDUSTRIYANG PATUBIG | | |
|---|---|---|
| | **2018-19 Mga Singil** | **2019-20 Mga Singil** |
| Evergreen/Edenvale – Zone 1 | $3,408.80 | $3,625.06 |
| Evergreen/Edenvale – Zone 2 | $3,450.80 | $3,673.06 |
| Evergreen/Edenvale – Zone 3/4 | $3,630.80 | $3,859.06 |
| Evergreen/Edenvale – Zone 5/6 | $3,858.80 | $4,093.06 |
| North San José/Alviso | $3,997.76 | $4,117.06 |